SOCIAL SCIENCE DILIMAN
18:2 July–December 2022
1-30

ARTICLE

# Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) at United Church of Christ in the Philippines (UCCP) sa Panahon ng Administrasyong Duterte
# [The Political Ideologies of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) and United Church of Christ in the Philippines (UCCP) during the Duterte Administration]

**Christian P. Gopez at Feorillo A. Demeterio III**

ABSTRAK

Sinuri ng papel ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa mga pastoral na pahayag ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) at United Church of Christ in the Philippines (UCCP) na nailathala sa panahon ng administrasyong Duterte. Ginamit bilang hermeneutikong lente ang modipikadong ideolohikal na ispektrum ni Demeterio (2012) na may dalawang dimensiyon (progressive-retrogressive at libertarian-authoritarian) at walong politikal na ideolohiya. Lumabas sa pagsusuri na nasa pagitan ng liberal na libertaryan at moderato ang paninindigan kapwa ng CBCP at UCCP sa pre-pandemic period. Nanatili naman ang liberal na libertaryan at moderatong ideolohiya ng CBCP sa pandemic period, samantalang namayani naman ang liberal na libertaryang paninindigan ng UCCP. Sa pangkalahatan, liberal na paninindigan ang namamayani kapuwa sa CBCP at UCCP, sang-ayon sa x-axis ng modipikadong ispektrum na nakatuon sa kasalukuyan at pagbabago, bagaman mas matalas ang pagsusuri ng UCCP sa mga isyung panlipunan. Batay naman sa y-axis ng ispektrum, malinaw na libertaryan ang pagpapahalaga kapuwa ng CBCP at UCCP tungkol sa indibidwal at estado.

MGA SUSING SALITA

ideolohiyang politikal, UCCP, CBCP, Duterte, ideolohikal na ispektrum

ISSN 1655-1524 Print
ISSN 2012-0796 Online

ABSTRACT

The article analyzes the political ideologies expressed in the pastoral statements of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) and the United Church of Christ in the Philippines (UCCP), published during the Duterte administration. To facilitate the hermeneutic analysis, the study utilized the modified ideological spectrum by Demeterio (2012), with two dimensions (progressive-retrogressive and libertarian-authoritarian) and eight political ideologies. It was found that CBCP's ideological perspectives during Duterte's regime is between liberal libertarian and moderate. On the other hand, the ideological tendencies of UCCP have been classified as liberal libertarian and moderate in pre-pandemic period and liberal libertarian in pandemic period. In general, although UCCP maintains a stronger stance in examining social issues, the political ideology of both UCCP and CBCP still fall under the libertarian perspective based on the x-axis of the modified spectrum. Meanwhile, the y-axis of the spectrum indicates that both CBCP and UCCP has a libertarian perspective towards maintaining the rights of the individual and the state.

KEYWORDS

political ideology, UCCP, CBCP, Duterte, ideological spectrum

## Introduksiyon

Mahigit sa pitong dekada nang naglalathala ng mga pahayag tungkol sa iba't ibang isyu sa lipunang Pilipino ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP), ang opisyal na samahan at liderato ng mga Katolikong obispo sa Pilipinas. Ito ay nag-ugat pa sa Catholic Welfare Organization na naitatag noong 1945, upang tumugon sa mga problemang iniwan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Subalit bago pa man ang pagkakatatag ng CBCP, bahagi na ng politikal na diskurso ang boses at posisyon ng mga Katoliko sa mga mahahalagang isyu sa bansa, kahit noon pang panahon ng pananakop ng mga Kastila at Amerikano (Jose Mario Francisco 2015). Ang pakikisangkot na ito, sa pananaw ng Simbahang Katolika, ay nakaugat sa tungkulin ng Simbahan na akayin ang mga mananampalataya sa kabanalan; tuligsain ang anumang uri ng opresyon, sistematikong karahasan, at mapang-abusong kaayusan (Jonathan Gochuico, Gina Gonong, at Zenaida Reyes, 2015); at itaguyod ang pagkakaisa, katarungang panlipunan, at kabutihang panlahat (Rhoderick John Abellanosa 2013). Sa isang pahayag nga ni Archbishop Socrates Villegas, "the church should always be non-partisan, but the church cannot be neutral" [marapat na ang simbahan ay parating walang kinikilingan subalit hindi maaaring maging neutral] kaya kailangang magsalita at makialam ng Simbahan sa iba't ibang isyung umiiral sa bansa (nasa Paterno Esmaquel 2022). Ayon pa sa isang pastoral na pahayag ng CBCP noong 1973, tungkulin ng mga manggagawa ng Simbahan na gabayan ang sambahayan ng Diyos sang-ayon sa Kristiyanong pananampalataya:

> As pastors, we are charged with the responsibility of helping to guide in the formation of consciences of the Christian community. It is our task first to alert consciences to the continuing happenings affecting our lives, and then to help in the critical examination of these happenings in the light of our Faith



SSD V18 N2_Gopez.indd 2 1/21/2024 4:15:46 PM

[Bilang mga pastor, iniatang sa atin ang pananagutang magbigay-gabay sa paghubog ng konsiyensiya ng pamayanang Kristiyano. Tungkulin nating magmulat at maging tulay sa kritikal na pagsusuri sa mga pangyayaring patuloy na nakaaapekto sa ating buhay alinsunod sa ating pananampalataya]

(Teopisto Alberto 1973).

Kaalinsabay ng aktibong pakikisangkot ng CBCP, hindi rin nanahimik ang mga Protestanteng simbahan sa pakikilahok sa mga usaping pampolitika na nakaaapekto sa buhay ng bawat Pilipino. Isa ang United Church of Christ in the Philippines (UCCP) sa mga Protestanteng simbahan na pinakamasigasig na nakikilahok sa mga pampublikong diskurso sa kabila ng mainit pa ring diskusyon hinggil sa paghihiwalay ng Simbahan at Estado. Ang UCCP ay isang ekumenikal at ebanghelikong simbahan na pormal na naitatag noong 25 Mayo 1948 sa pamamagitan ng pagsasanib ng sumusunod na denominasyon: United Brethren, Church of Christ (Disciples), Congregational, Presbyterian, at Philippine Methodist Church. Ayon sa World Council of Churches (n.d.), ito ang pinakamalawak at pinakamalaganap na Protestanteng simbahan sa buong Pilipinas. Katulad ng CBCP, aktibo ring naglalathala ng mga opisyal na pahayag ang Konsilyo ng mga Obisyo ng UCCP mula 1948 hanggang sa kasalukuyan. Ang paglalabas ng UCCP ng mga pahayag at resolusyon, ayon kay dating Senate President Jovito Salonga na isa ring dating kasapi nito, ay testimonya sa matapat na pagsunod ng mga mananampalataya sa Panginong Hesukristo (nasa *UCCP Statements and Resolutions* ng United Church of Christ in the Philippines 1990). Dagdag pa niya, sinisimbolo ng mga pahayag na ito ang malinaw na posisyon ng Simbahan na masinop na pinag-aralan, pinag-usapan, at ibinatay sa mga turo at adhikain ni Hesus. Kung gayon, sa kabila ng akusasyon sa UCCP bilang "maka-Kaliwa" na nagdudulot ng pagkakahati-hati sa loob ng Simbahan at pagkapahamak ng ilan nitong manggagawa, nais ng liderato nito na gabayan ang mga miyembro sa pagmimisyon at paglikha ng isang makabuluhan at makatarungang lipunan sa pamamagitan ng paglalathala ng mga pastoral na pahayag (Van Cliburn Tibus 2017; UCCP Statements and Resolutions 1990).

Tunay na mahaba na ang kasaysayan ng pagtindig kapwa ng CBCP at UCCP sa mga mahahalagang isyu ng bansa. Bagaman may ilang pag-aaral nang sumuri sa nilalaman ng mga opisyal na pahayag ng dalawang relihiyon, may malaking pangangailangan pa rin na paunlarin ang diskurso upang higit na maisakonteksto ang pakikipag-ugnayan ng Simbahan sa pamahalaan, maging ang pakikisangkot nito sa mga isyung nararanasan ng bansa na ang karamihan ay Kristiyano at ang Kristiyanismo ay itinuturing na isang aktibong puwersa sa politikal na mobilisasyon (Ma. Christina Astorga 2006; Jayeel Cornelio at Erron Medina 2019). Gayundin, kahit na may pagkakaiba sa kalikasan, kasaysayan, at proseso ng pagbuo at paglalathala ng mga pastoral na pahayag ang dalawang simbahan, mahalagang maitampok at mapaghambing ang mga ito lalo pa at kakaunti lamang sa maraming relihiyon at pananampalataya sa kasalukuyan ang hayagang naglalabas ng mga politikal na paninindigan hinggil sa mahahalagang isyu sa bansa.



SSD V18 N2_Gopez.indd 3 1/21/2024 4:15:46 PM

Pangunahing pinagtuunan ng pansin sa papel na ito ang mga pahayag na nailathala ng CBCP at UCCP sa panahon ng panunungkulan ni Rodrigo Duterte, ang ika-16 Pangulo ng Republika ng Pilipinas. Mahalagang suriin ang umiiral na ideolohiyang politikal ng CBCP at UCCP sa panahon ni Duterte dahil sinasabing nagkaroon ng pagbabago ang ugnayan sa pagitan ng Simbahang Katolika at pamahalaan sa pagkakahalal ni Duterte dahil sa mga kontrobersiyal nitong pahayag hinggil sa Santo Papa at sa mga gawi ng Simbahang Katolika. Malaki rin ang epekto ng madugong kampanya kontra-droga at ang posisyon ng pamahalaan sa mga isyung may kinalaman sa karapatang-pantao na may mataas na pagtanggap mula sa mga Pilipino (Eric Vincent Batalla at Rito Baring 2019).

Bagaman limitado ang pagsusuri sa mga piling pastoral na pahayag na nailathala ng CBCP at UCCP sa panahon ni Duterte, tinangka pa rin ng pag-aaral na maiposisyon ito sa mas malalawak na isyu at penomenon sa lipunang Pilipino. Gayunpaman, kinakailangan pa ang mas malawak na pagtingin sa dalawang simbahan—mula sa mga pahayag na inilalathala nito, patungo sa proseso ng pagbuo ng pahayag ng mga lider ng simbahan, at hanggang sa pagtanggap ng mga kasaping mananampalataya at ang pagsasakonteksto nito sa mas malalalim na sitwasyong kultural, politikal, historikal, at sosyal na umiiral sa lipunang Pilipino. Nais ding ipahiwatig ng mga mananaliksik na paunang bahagi lamang ang artikulong ito sa mas malawak na hangaring suriin ang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa mga opisyal na pahayag ng CBCP, UCCP, at iba pang relihiyon sa iba't ibang panahon, tungo sa mas malawak na pag-unawa sa pakikisangkot ng Simbahan sa politikal na diskurso ng bansa.



## Metodolohiya

Pangunahing matatagpuan ang mga opisyal na pahayag ng CBCP at UCCP sa mga opisyal nitong website na maaakses sa https://cbcponline.net/ at https://www.uccpchurch.com/. Kinalap ng mga mananaliksik ang lahat ng mga nailathalang pahayag ng CBCP at UCCP mula 30 Hunyo 2016, ang unang araw sa opisina ni Pangulo Rodrigo Duterte, hanggang 30 Hunyo 2022, ang huling araw ng kaniyang pagka-Pangulo. Inakses ng mga mananaliksik ang mga website mula Enero hanggang Marso 2022. Upang maging mas tiyak ang pagsusuri, hinati ang saklaw na petsang ito sa dalawang panahon (tingnan ang Talahanayan 1). Kung titingnan ang Talahanayan 1, makikitang nakapaglathala ang CBCP ng 96 pahayag o higit sa 35% na mas marami sa 62 pahayag ng UCCP.



SSD V18 N2_Gopez.indd 4 1/21/2024 4:15:46 PM

**Talahanayan 1. Bilang ng mga nailathalang pastoral na pahayag ng CBCP at UCCP sa panahon ni Duterte**

| Saklaw na Petsa | CBCP | UCCP | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|
| *Pre-Pandemic Period* (30 Hunyo 2016 – 29 Enero 2020) | 66 | 30 | 96 |
| *Pandemic Period* (30 Enero 2020 – 30 Hunyo 2022) | 30 | 32 | 66 |
| **Kabuuang Bilang** | **96** | **62** | **162** |

Ang bawat pahayag na nakalap ay inuri ayon sa mga sumusunod na pangunahing tema: (1) relihiyoso, (2) panlipunan, (3) lokal na politika, at (4) nasyonal na politika. Sapagkat nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga ideolohiyang politikal ng CBCP at UCCP, pinili lamang ng mga mananaliksik ang mga pahayag na naihanay sa lokal at nasyonal na politika upang maging teksto ng pag-aaral. Ipinakikita ng Talahanayan 2 at Talahanayan 3 ang bilang ng mga dokumentong politikal ng CBCP at UCCP sa panahon ni Duterte. Kung susuriin ang mga talahanayan, makikitang 59% sa 96 pahayag ng CBCP ay may temang politikal, samantalang 89% naman ang may ganitong tema sa 62 pahayag ng UCCP. Kung gayon, bagaman mas maraming nailathalang pastoral na pahayag ang CBCP, masasabing mas naglalathala ng politikal na pahayag ang UCCP. Makikita rin sa dalawang talahanayang nabanggit na kalahati o 50% lamang ng mga dokumento sa bawat panahon ang aktuwal na sinuri sapagkat napakarami ng 112 dokumento para sa isang hermeneutikong pag-aaral sa loob ng limitadong panahon.

**Talahanayan 2. Bilang ng mga dokumentong politikal ng CBCP sa panahon ni Duterte**

| Saklaw na Petsa | Bilang ng mga Dokumento | Bilang ng mga Dokumentong Politikal | Bahagdan ng mga Sinuring Dokumentong Politikal | Bilang ng mga Sinuring Dokumentong Politikal |
|---|---|---|---|---|
| *Pre-Pandemic Period* (30 Hunyo 2016 – 29 Enero 2020) | 66 | 41 | 50% | 20 |
| *Pandemic Period* (30 Enero 2020 – 30 Hunyo 2022) | 30 | 16 | 50% | 8 |
| **Kabuuang Bilang** | **96** | **57** | **50%** | **28** |


**Talahanayan 3. Bilang ng mga dokumentong politikal ng UCCP sa panahon ni Duterte**

| Saklaw na Petsa | Bilang ng mga Dokumento | Bilang ng mga Dokumentong Politikal | Bahagdan ng mga Sinuring Dokumentong Politikal | Bilang ng mga Sinuring Dokumentong Politikal |
|---|---|---|---|---|
| *Pre-Pandemic Period* (30 Hunyo 2016 – 29 Enero 2020) | 30 | 27 | 50% | 14 |
| *Pandemic Period* (30 Enero 2020 – 30 Hunyo 2022) | 32 | 28 | 50% | 14 |
| **Kabuuang Bilang** | **62** | **55** | **50%** | **28** |



SSD V18 N2_Gopez.indd 5 1/21/2024 4:15:46 PM

Kung paghahambingin naman ang taunang bilang ng paglalathala ng mga opisyal na pahayag at dokumentong politikal ng CBCP at UCCP, makikitang sa ikalawang taon ng panunungkulan ni Duterte pinakamaraming nailathalang pahayag at dokumentong politikal ang CBCP, samantalang sa ikalimang taon naman ang sa panig ng UCCP (tingnan ang Larawan 1). Mula naman sa resulta ng random sampling, itinala sa Apendiks A at B ang ilang mahahalagang detalye tungkol sa limampu't anim na dokumentong sinuri mula sa CBCP at UCCP.





**Pigura 1. Paghahambing sa taunang bilang ng paglalathala ng mga pastoral na pahayag at dokumentong politikal ng CBCP at UCCP.**

## Ang Modipikadong Ideolohikal na Ispektrum nina Slomp at Demeterio

Ginamit bilang hermeneutikong lente sa pagsusuri ng 56 dokumento ng CBCP at UCCP ang modipikadong ideolohikal na ispektrum ni Feorillo Petronillo Demeterio (2012) (tingnan ang Larawan 2). Unang binuo ang ispektrum na ito ng Alemang teoristang si Hans Slomp (2000) at minodipika ni Demeterio noong 2012 sa kaniyang pag-aaral tungkol sa mga ideolohiyang politikal ng CBCP mula 1968 hanggang 2010. Nagamit na rin ang ispektrum na ito sa mga tesis, disertasyon, at pag-aaral katulad ng ginawa nina Joshua Felicilda at Demeterio (2019), na nailathala sa *Humanities Diliman*, hinggil sa mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose. Taglay ng ideolohikong ispektrum ang dalawang dimensiyon—ang x-axis at ang y-axis. Inilalarawan ng x-axis ang ispektrum mula sa pagiging progresibo, o ang paninindigan na naghahangad ng pagbabagong panlipunan, patungo sa pagiging retrogresibo, o ang paninindigan


SSD V18 N2_Gopez.indd 6 1/21/2024 4:15:46 PM

na naghahangad na bumalik sa dating kaayusan. Kinakatawan naman ng y-axis ang ispektrum mula sa pagiging awtoritaryan, o ang paninindigang labis na nagpapahalaga sa estado, patungo sa pagiging libertaryan, o ang paninindigang labis na nagpapahalaga sa indibidwal.




**Pigura 2. Ang ideolohiyang ispektrum na may dalawang dimensiyon na unang binuo ni Hans Slomp (2000) at minodipika ni Demeterio (2012)**

Gayundin, walong politikal na ideolohiya na may tiyak na pagkakaiba-iba ang taglay ng ispektrum na ito na malinaw na inilalarawan sa Talahanayan 4.

**Talahanayan 4. Ang walong ideolohikal na paninindigan batay sa paglalarawan ni Demeterio (2012)**

| Ideolohiyang Politikal | Kahulugan | Halimbawa |
|---|---|---|
| 1. Radikal na Libertaryan | Pumapabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal. | Sosyalismong demokratiko na nakabatay sa Marxistang kaisipan na matapos ang rebolusyong proletaryo, ang lipunan ay dapat pamunuan ng isang demokrasya ng masa. |
| 2. Radikal na Awtoritaryan | Pumapabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado. | Ideolohiya ng komunismo na nakabatay sa Leninistang interpretasyon sa kaisipan ni Marx na matapos ang rebolusyong proletaryo, ang lipunan ay dapat pamunuan ng isang awtoritaryang diktadurya. |
| 3. Liberal na Libertaryan | Pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal. | Ideolohiya ng klasikong liberalismo na naniniwala na ang estado ay umaapi sa mga tao kaya dapat limitahan ang kapangyarihan at kontrol nito. |
| 4. Liberal na Awtoritaryan | Pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado. | Ideolohiya ng kontemporaryong liberalismo na naniniwala na kailangan pa rin ng estado ang pagsasaayos at pag-oorganisa ng mga gawain at inisyatiba ng mga indibidwal. |
| 5. Moderato | Mabuting pagtimbang ng pangangailangan ng pagbabago at ng mga benepisyo ng kasalukuyang kaayusan. | |



SSD V18 N2_Gopez.indd 7 1/21/2024 4:15:46 PM

| Ideolohiyang Politikal | Kahulugan | Halimbawa |
|---|---|---|
| 6. Konserbatibong Libertaryan | Pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal. | Ideolohiya ng mga makakanang liberal sa Europa at Hilagang Amerika. |
| 7. Konserbatibong Awtoritaryan | Pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado. | Ideolohiya ng pasismo, bilang isang makakanang awtoritaryanismo. |
| 8. Reaksiyonaryo | Pumapabor sa isang retrogresibo o paurong na pagbabago. | |

Inilahad ang pagtalakay sa mga pagsusuri sa dalawang panahon: ang pre-pandemic period o ang tindig ng Simbahan bago ang pandemya, at ang pandemic period o ang paninindigan ng Simbahan sa panahon ng pandemya. Upang maliwanag na matukoy kung alin sa walong ideolohiyang politikal ang namamayani sa mga pahayag sa bawat panahon, isinagawa ng mga mananaliksik ang mga sumusunod: (1) pagtukoy sa mahahalagang pangyayari sa bawat panahon; (2) pagbuo ng buod o maikling paglalarawan sa bawat pahayag; (3) paghimay sa paninindigan ng mga pahayag tungkol sa pagbabago at kasalukuyan sang-ayon sa x-axis ng ispektrum; (4) pagtukoy sa pagpapahalaga ng mga pahayag sa indibidwal at estado sang-ayon sa y-axis ng ispektrum; at (5) paglalarawan sa namamayaning ideolohiyang politikal ng bawat panahon.



## Ang Tindig ng Simbahan Bago ang Pandemya

Nagsimula ang *pre-pandemic period* sa unang isang taon ni Duterte sa panunungkulan. Naganap sa unang taon ang madugong giyera kontra droga, ang negosasyon sa pagitan ng pamahalaan at ng Communist Party of the Philippines – New Peoples' Army – National Democratic Front of the Philippines (CPP-NPA-NDF), ang pansamantalang pagpapalaya sa ilang bilanggong politikal, ang pagtatalaga sa ilang progresibong indibidwal sa gabinete, ang pagpapalibing kay dating Pangulo Ferdinand Marcos, Sr. sa Libingan ng mga Bayani, ang mga isyu at kontrobersiya hinggil sa relasyon ng Pilipinas at Amerika, ang paglalabas ng posisyon ni Duterte sa Spratlys o Kalayaan Group of Islands, ang pagpuna ng Simbahang Katolika sa giyera kontra droga at ang pag-ungkat ni Duterte sa mga masasamang gawain ng Simbahan, at ang unang mga buwan ng Marawi siege (Mark Thompson 2016, David Timberman 2019, Virgil Lopez 2020, at Michael Perry 2021).

Sa pagtatapos ng unang taon ni Duterte sa pagkapangulo, narito naman ang ilan sa pinakamahahalagang pangyayari: (1) Ang krisis sa Marawi na tumagal nang limang buwan; (2) ang Batas Militar sa Mindanao; (3) ang pagpapatuloy ng giyera kontra droga; (4) ang introduksiyon ng programang, "Build, Build, Build"; (5) ang pag-aresto sa mga bilanggong politikal na pansamantalang pinalaya;



SSD V18 N2_Gopez.indd 8 1/21/2024 4:15:46 PM

(6) ang pagpasa ng Bangsamoro Organic Law; (7) ang mga isyu hinggil sa Federalismo at charter change; (8) ang quo warranto petition laban kay Maria Lourdes Sereno; (9) ang pagkaaresto kay Maria Ressa sa kasong tax evasion at failure to file tax returns at ang pagpapasara sa kompanya nitong Rappler; (10) ang resulta ng eleksiyon 2019 na nagpanatili sa kontrol ni Duterte sa Mababang Kapulungan at nagpatatag sa kaniyang impluwensiya sa Senado; (11) ang tuluyang terminasyon sa mga usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng CPP-NPA-NDF; at (12) ang pagsisimula ng panimulang imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) hinggil sa giyera kontra droga at ang pag-anunsiyo ni Duterte ng pag-alis ng Pilipinas bilang kasapi nito (Lopez 2020; Perry 2021).

Kung susuriin ang mga pahayag ng CBCP, na nailathala sa unang isang taon ng administrasyong Duterte, makikita na ang lahat ng ito ay nagpapahayag ng pagsalungat at pagkadismaya sa mga aksiyon at panukalang batas na isinusulong ng pamahalaan. Malinaw sa mga pahayag ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) ang matinding pagtutol ng Simbahang Katolika sa anumang uri ng inisyatiba na nagsusulong sa muling pag-iral ng parusang kamatayan (CBPC01; CBCP06); sa desisyon ng Korte Suprema na ilibing ang dating Pangulo Marcos, Sr. sa Libingan ng mga Bayani (CBCP02); sa panukalang batas na may layuning ibaba ang minimum age of criminal liability (CBCP03; CBCP05); at sa madugong kampanya kontra droga (CBCP04). Inilalahad naman ng CBCP07 ang matinding pagkabahala ng simbahan sa lumalaganap na fake news at ang panawagan nito sa mga Katolikong mananampalataya na maging mapanuri sa iba't ibang uri ng impormasyon at maging daluyan sa pagpapalaganap ng katotohanan.

Pangunahing nilalaman pa rin ng karamihan sa mga pahayag ng CBCP sa pagtatapos ng unang taon hanggang sa buwan bago ang pandemya ang pagtuligsa sa mga aksiyon ng pamahalaan sa mga umiiral na suliranin sa bansa. Mariing pagkondena ang ipinahayag ng Simbahang Katolika sa CBCP08 laban sa Maute na umatake sa Marawi. Binigyang-diin ng mga Obispo na hindi usaping panrelihiyon ang nangyayaring kaguluhan sa Marawi, at ito ay pinatutunayan ng mga umiiral na pagtutulungan ng mga Kristiyano at Muslim upang manatiling ligtas sa gitna ng kaguluhan. Tinalakay naman ng CBCP09 ang mahahalagang isyu tulad ng Batas Militar sa Mindanao, Bangsamoro Basic Law (BBL), pagtatapos ng mga usapang pangkapayapaan, at giyera kontra droga. Sa pahayag na ito, hinihikayat ng Simbahang Katolika ang pamahalaan na panatilihin ang kapayapaan sa kabila ng ipinatutupad na Batas Militar at resolbahin ang suliranin sa pamamagitan ng pagtugon sa mas malalalim na ugat nito. Binanggit din sa pahayag ang kahalagahan ng mabilis na implementasyon ng Bangsamoro Basic Law at ang makatotohanang pagtugon sa mga isyung ipinahahayag ng komunidad ng mga Muslim. Gayundin, bagaman kinikilala ng Simbahan ang pagsusumikap ng pulisya na sugpuin ang ilegal na droga sa bansa, hinahamon din nila ang huli na itaguyod palagi ang karapatang pantao at tingnan ang positibong epekto ng mga programa sa rehabilitasyon. Nakasaad naman sa CBCP10 ang posisyon ng CBCP sa isyu ng

charter change at Federalismo. Binigyang-diin ng Simbahang Katolika na ang anumang pagbabago ay marapat na nakabatay sa mga pundamental na prinsipyo (human dignity, human rights, integrity and truth, participation, and solidarity) at hindi para sa kapakanan ng iilan. Sa CBCP11 naman inilahad ng Simbahan ang pagkabahala nito sa isinagawang pag-aresto o imbestigasyon ng Bureau of Immigration kay Sr. Patricia Fox ng Notre Dame de Sion (NDS) Congregation. Kalaunan, inihayag naman sa CBCP14 ang pasasalamat sa gobyerno sa desisyon nitong panatilihin ang visa ng misyonaryong madre. Mariin namang tinutulan ng CBCP ang quo warranto laban sa dating Chief Justice Maria Lourdes Sereno sa CBCP12. Matapang na inilantad ng Simbahang Katolika sa pahayag na ito na ang nakatagong adyenda sa pagkakatanggal kay Sereno sa puwesto ay ang hangarin ng ehekutibong kontrolin ang iba't ibang sangay ng pamahalaan. Kinondena naman ng simbahan sa CBCP13 ang brutal na pagpatay kay Fr. Richmond V. Nilo, kura paroko ng St. Vincent Ferrer Parish sa Zaragoza, Nueva Ecija, at nanawagan para sa agarang hustisya. Sa CBCP15 naman inilahad ang hindi pagsang-ayon ng mga Obispo sa pagdadala ng mga pari ng baril. Hindi rin sang-ayon ang CBCP sa Kaliwa Dam Project dahil sa mga negatibong epekto nito sa iba't ibang sektor subalit nagbigay sila ng iba't ibang alternatibong solusyon upang matugunan ang suliranin sa tubig (CBCP16). Humingi naman ng paumanhin sa CBCP17 ang mga Obispo sa matagal nilang pananahimik hinggil sa iba't ibang isyu sa bansa at maging sa ilang naitatalang pang-aabuso mula sa kaparian. Inilahad din nila sa pahayag na ito ang pagtuligsa sa hindi makataong kampanya kontra droga at maging sa planong pababain ang edad ng kriminal na pananagutan. Pagpapatigil din sa patayan at pagtataguyod ng buhay ang panawagan sa CBCP18. Tinuligsa rin ng CBCP ang pagpatay kay Bernardino 'Toto' Patigas, Sr., tagapagtaguyod ng karapatang pantao partikular ng mga sugarworker sa Isla ng Negros. Pinaalalahanan naman sa CBCP19 ang mga Katoliko sa matalinong pagboto noong Mayo 2019 dahil krusyal ang magiging resulta nito sa magiging politikal na klima sa bansa sa mga susunod na taon. Inilatag naman sa huling pastoral na pahayag (CBCP20) ang komprehensibong pagtalakay hinggil sa mga usaping pangkalikasan at ang mga tiyak na hakbang kung paano pinakaangkop na matutugunan ang mga suliraning pangkapaligiran na bunga ng hindi makataong gawain ng ilan at nagdudulot ng masamang epekto sa marami.

Matinding pagkondena rin sa mga aksiyon ng pamahalaan ang nilalaman ng mga pahayag ng UCCP sa panahong ito. Inilalahad ng UCCP01 ang panawagan para sa mabilisang pagtigil ng anumang uri ng karahasan at panggigipit laban sa mga Lumad, inosenteng sibilyan, tagapagtanggol ng karapatang pantao, at manggagawa ng simbahan. Ipinahahayag naman ng UCCP02 ang sentimiyento ng UCCP sa itinuturing nitong hindi makatarungang patayan na dulot ng kampanya kontra droga ng pamahalaan. Nakasaad naman sa UCCP03 ang panawagan para sa katarungan ng mga biktima ng pambobomba sa Davao noong 02 Setyembre 2016, na pumatay sa 14 katao. Inihain naman sa UCCP04 ang kahalagahan ng



SSD V18 N2_Gopez.indd 10 1/21/2024 4:15:46 PM

mga usapang pangkapayapaan at ang panawagan ng Protestanteng Simbahan kay Pangulong Duterte para pag-isipan ang pagpapatigil nito sa mga negosasyon sa pagitan ng pamahalaan at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Kinokondena naman ng UCCP05 ang pangangamkam ng lupa at ang demolisyon na nararanasan ng mga mamamayan sa Cavite, Laguna, at Batangas, gayundin ang mga pagsasamantala at kawalan ng pantay na pagtingin sa mga katutubong Aeta at Lumad, sa mga kasapi ng LGBTQI, at sa mga taong mayroong sexually transmitted infections. Binigyang-diin ng pahayag na ito ang pagtutol ng UCCP sa anumang uri ng opresyon, pananamantala, at pang-aabuso na nararanasan ng mga Pilipino, na bunga ng higit na malalalalim na suliranin ng lipunan. Sa UCCP06, nanawagan ang Simbahang Protestante para sa hustisya kay Kian Delos Santos, isang menor de edad na biktima ng extrajudicial killing, at pagtigil ng anumang uri ng patayan na labag sa batas. Sa pagdiriwang naman ng ika-70 taong pagkakatatag ng UCCP noong 2018, idineklara nito ang mariing pagtutol sa ipinatutupad na Batas Militar sa Mindanao na negatibong nakaaapekto sa mga residente nito, sumisira sa mga komunidad ng mga Lumad, at pumapatay ng mga tagapagtaguyod ng hustisya at kalayaan (UCCP07). Ipinahayag din ng UCCP ang pangamba nito sa posibilidad ng pagpapalawig ng Batas Militar sa buong bansa at ang pagpapatuloy ng mga inisyatiba sa planong charter change ng administrasyong Duterte. Sa UCCP08 naman ay itinanggi ng UCCP ang mga paratang sa pagiging komunista nito. Ayon sa pahayag: "The UCCP is not, never was, and will never be a communist" [Ang UCCP ay hindi kailanman naging at magiging komunista]. Binatikos din sa pahayag ang iba't ibang uri ng karahasan at panggigipit laban sa mga manggagawa ng simbahan. Nakasaad naman sa UCCP09 ang mariing pagtuligsa ng Simbahan sa mga pambobombang nangyari sa Our Lady of Mt. Carmel Cathedral sa Jolo, Sulu noong 27 Enero 2019, na pumatay sa 27 katao at nag-iwan ng higit 100 kataong sugatan. Maliban dito ay marami pang ibang pag-atakeng naranasan ang Mindanao tulad ng pagsabog na nangyari sa Lungsod ng Cotabato noong 28 Enero 2019 at pagtapon ng bomba sa isang moske sa Lungsod ng Zamboanga noong 30 Enero 2019, na kapwa nagbunga ng pagkamatay ng mga sibilyan. Binigyang-diin din sa pastoral na pahayag na ito na hindi epektibo ang Batas Militar sa Mindanao dahil sa mga umiiral na karahasan na hindi makontrol ng militar. Sa UCCP10 naman ipinahayag ng mga Obispo ang mga paalala nito sa matalinong pagboto sa midterm election noong 2019. Binigyang-diin nila na kailangan ng mga lider na kayang tugunan ang mga isyu sa kahirapan, kalikasan, karapatang pantao, katutubong grupo, militarisasyon, at terorismo. Ipinagtanggol naman sa UCCP11 ang pagtulong na ginagawa ng UCCP Haran sa mga Lumad sa Davao. Tinitingnan ng Simbahang Protestante ang mga posibleng kasong kinaharap ng UCCP Haran bilang isang uri ng karahasan at intimidasyon sa mga tagapagtaguyod ng kapayapaan at hustisya. Mariin ding kinondena sa UCCP12 ang extrajudicial killings na nangyari sa Negros noong 2019 at matapang na nanawagan para sa agarang hustisya sa mga biktima ng



SSD V18 N2_Gopez.indd 11 1/21/2024 4:15:46 PM

patayan. Lantaran namang sinalungat sa UCCP13 ang red-tagging na ginawa ng Department of National Defense (DND) sa National Council of Churches in the Philippines bilang komunista or teroristang grupo. Ang huling pahayag naman ng UCCP na kabilang sa panahong ito ay pagtuligsa sa lumalalang karahasan na nararanasan ng UCCP Haran. Kinondena ng mga Obispo ang ilegal na pagpasok ng mga pulis sa simbahan at ang maling impormasyong ibinalita sa PTV News Mindanao hinggil dito. Nanawagan din sila para sa agarang solusyon na nakabatay sa batas, karapatang pantao, at katotohanan.

Ayon kay Demeterio (2012), sa konteksto ng politika sa Pilipinas, hindi angkop na ihanay bilang konserbatibong paninindigan sa kasalukuyang kaayusan ang pagtutol sa mga panukalang batas, bagkus isang progresibong pakikipaglaban sa uri ng politika na pinangungunahan ng dinastiya ng mga trapo na may makasariling interes at intensyong palawigin pa ang kanilang mga termino. Ibig sabihin, bagaman tinututulan ng CBCP ang pagsasabatas ng parusang kamatayan, hindi ito maituturing bilang isang konserbatibo o reaksiyonaryong tindig sapagkat malinaw na ayaw nang ibalik ng CBCP ang parusang kamatayan na tanggap ng karamihan sa mga Pilipino, ng ilang Kristiyanong pananampalataya (Cornelio at Aldama, 2021), at maging ng Simbahan sa mahabang panahon. Gayundin, ang pagtuligsa ng UCCP sa hindi makatarungang patayan na dulot ng kampanya kontra droga at sa iba't ibang uri ng karahasan at panggigipit na nararanasan ng mga katutubo, inosenteng sibilyan, tagapagtanggol ng karapatang pantao, at manggagawa ng simbahan ay malinaw na nagpapakita ng progresibong pagtindig at paghahangad na baguhin ang Pilipinas. Mahalaga ring itala na maliban sa mga batikos na inihahain sa mga pahayag, nagbibigay ang CBCP at UCCP ng matatalas na pagsusuri sa mga isyu at ng mga mungkahing tugon o aksiyon na hindi lamang basta nakasalig sa halagahan ng Simbahang Katolika, kung hindi maging sa mga mas malalalim na kontekstong pampolitika, pangkasaysayan, at pang-ekonomiya na umiiral sa bansa. Halimbawa, hindi lamang basta tinutulan ng CBCP01 ang pagbabalik ng parusang kamatayan; bagkus, tinalakay ito sa iba't ibang konteksto sa hangaring tulungan ang mga Pilipinong Katoliko na magkaroon ng patas at malalim na paninindigan hinggil sa isyu. Hindi lang din basta tinuligsa ng CBCP02 ang pagpapalibing sa dating Pangulo Marcos, Sr. sa Libingan ng mga Bayani; bagkus, binigyang-diin nito ang samu't saring uri ng pang-aabuso na nangyari sa administrasyon nito sa panahon ng Batas Militar at nanawagan ng agarang hustisya para sa lahat ng biktima ng karahasan, pananamantala, at pang-aabuso sa kapangyarihan. Mahalagang itala na noon pa mang panahon ni dating Pangulo Marcos, Sr., kinukuwestiyon na ng Simbahan ang pangangailangan sa pagpapatupad ng Batas Militar at nagpapahayag na ito ng pagkabahala sa inhustisyang dulot nito sa mga Pilipino (Youngblood 1987). Mapapansin din sa CBCP03 at CBCP05 hindi lamang ang malinaw na pagkondena ng Simbahang Katolika sa panukalang batas na may layuning ibaba ang minimum age of criminal liability, kung hindi pati na rin ang mga sumusunod na tiyak at progresibong rekomendasyon nito upang matugunan ang isyu:


SSD V18 N2_Gopez.indd 12 1/21/2024 4:15:46 PM

Providing the use of children in the commission and perpetration of crime, in whatever manner, shall constitute an aggravating circumstance resulting in an increase in penalty for the adult perpetrator [Ang paggamit sa mga bata upang gumawa ng krimen sa anumang paraan, ay may kaukulang mabigat na parusa para sa mga matatandang sangkot sa naturang krimen.];

Involving Church social action desks and community service units in the diversion programs on the barangay, police, prosecution and judicial levels of the administration of Juvenile Justice; and [Pagsali ng mga social action desk at community service unit ng Simbahan sa mga diversion program ng barangay, pulisya, prosekusyon, at mga panghukumang antas ng administrasyon ng Juvenile Justice.],

Imposing criminal liability on the parents of children who are conscripted by criminal syndicates or individual offenders when it is proved that the parents of such children were remiss in their duties of vigilance and care. [Pagpataw ng karampatang parusa sa mga magulang ng mga batang miyembro ng sindikato o may pagkakasala sa batas kung mapatutunayang ang mga magulang nila ay nagpabaya sa kanilang tungkuling bantayan at pangalagaan ang mga ito.]

Matalas din ang pagsusuri ng UCCP05 sa isyu ng pangangamkam ng lupa at demolisyon sa mga pamayanan sa Cavite, Laguna, at Batangas, at ang mga pagsasamantala sa mga katutubong Aeta at Lumad, LGBTQI, at mga taong mayroong sexually transmitted infections. Binigyang-diin nito ang kultura ng konsumerismo, materyalismo, at indibidwalismo, na nagpapanatili sa sistema ng eksploytasyon sa mga karaniwang tao. Binanggit din nito ang matagal nang estruktural na karahasan, sistematikong militarisasyon, at iba't ibang mukha ng opresyon, diskriminasyon, at eksklusyon na umiiral sa bansa. Nanawagan din ang UCCP05 na ipagtanggol ang mga bulnerableng sektor, magkaroon ng pantay na distribusyon ng mga likas na yaman, ipaglaban ang karapatan ng mga manggagawa, pahalagahan ang sariling tradisyon, kultura, at pagkakakilanlan, at panatilihin ang pagkakapantay-pantay ng bawat mamamayan.

Kung ang x-axis ng modipikadong ispektrum ang pag-uusapan, masasabing nasa pagitan ng mga ideolohiyang liberal at moderato ang paninindigan kapwa ng CBCP at UCCP. Mapapansin na may ilang dokumento na bagaman hindi lantarang sumusuporta sa kasalukuyang pampolitika, pang-ekonomiya, at panlipunang kaayusan ay hindi rin naman nagpapahayag ng malinaw na posisyon sa mga mahahalagang isyu sa bansa. Mahalaga ring itala na bagaman tinutuligsa ng CBCP at UCCP ang maraming aksiyon ng pamahalaan, hindi ganoon katalas ang pagsusuri ng ilang pahayag sa mga isyu at limitado ito sa mga malalawak na paglalagom. Halimbawa, sa halip na talakayin ang mas malalalim na ugat at resolusyon sa terorismo na nangyayari sa Marawi, nanatili lamang ang diskurso ng CBCP08 sa pagtuligsa sa grupo ng Maute at sa panawagan na manalangin at magtulungan. Gayundin, bagaman tinutuligsa ng CBCP09 ang iba't ibang uri ng karahasan na nararanasan ng mga mamamayan sa Mindanao at ipinapanawagan

na tugunan ang kahirapan na itinuturing nilang "ugat ng anumang giyera," wala itong malinaw na posisyon hinggil sa Batas Militar na ipinatutupad ng pamahalaan, at basta na lamang ipinahayag na ang sumusunod ang gusto ng nakararami:

> We are aware that the great majority of our local communities favor the extension of martial law in Mindanao for another year. We know that violent extremists continue to perpetrate crimes of violence against fundamental human rights to life, property, and religious freedom. They continue to recruit members from disillusioned youth in various parts of Mindanao [Malay kami na karamihan sa mga lokal na komunidad ay sumasang-ayon na palawigin ang Batas Militar nang isa pang taon. Alam namin na ang mga violent extremist ay patuloy na gumagawa ng mga krimen na labag sa batayang karapatang-pantao sa buhay, pag-aari, at kalayaang panrelihiyon. Patuloy silang humihikayat ng mga sasapi sa kanila mula sa mga kabataang namulat sa pangit na katotohanan at galing sa iba't ibang lugar sa Mindanao.]

Mapapansin din sa CBCP14 ang pagpapasalamat at pagpuri ng CBCP sa aksiyon ng pamahalaan hinggil sa pagpapanatili ng visa ni Sr. Patricia Fox, sa halip na manawagan pa rin para sa " pananagutan" sa isinagawang ilegal na detensiyon at panggigipit sa misyonaryong madre.

Sa hanay naman ng UCCP, halimbawa, kung susuriing mabuti ang unang limang artikulong nailathala sa panahong ito o sa unang taon ni Duterte, tanging ang UCCP05 lamang ang may matalas na pagsusuri at mga progresibong mungkahi sa mahahalagang isyu sa bansa. Sa pangkalahatan, kapansin-pansin na ang diskurso ng ilang pahayag ay nananatili lamang sa panawagan para sa pananalangin, at hindi malinaw na nagbibigay ng posisyon ng Simbahan sa isyu at maging ng progresibong kontekstuwalisasyon o resolusyon sa panggigipit na nararanasan ng ilang sektor at taong-simbahan.

Nangingibabaw naman sa mga pahayag kapwa ng CBCP at UCCP ang pagpapahalaga ng Simbahan sa buhay na ipinagkaloob sa bawat indibidwal. Malinaw na nakita ito sa mga posisyon nila hinggil sa isyu ng parusang kamatayan, giyera kontra droga, at age of criminal liability. Halimbawa, diretsahang inilahad sa CBCP01 na walang karapatan ang sinuman, kahit na ang Estado, sa buhay ng isang indibidwal: "No one can forfeit the right to life, because life is at the free disposal of none, not even of the State!" [Walang sinuman ang may karapatang ipagkait ang karapatang mabuhay, dahil ang buhay ay hindi kailanman pagmamay-ari ng sinong indibidwal, kahit ng Estado]. Pagpapahalaga rin sa buhay sa kabila ng mga kasalanan ng indibidwal ang panawagan sa UCCP02. Bagaman sinusuportahan ng UCCP ang hangarin ng administrasyong Duterte na sugpuin ang ilegal na droga sa bansa, binigyang-diin nito na marapat protektahan ang buhay ng tao, na para sa Simbahan, ay sagradong regalo ng Diyos: "Life is a sacred gift of God. It must, therefore, be defended, protected and safeguarded." [Ang buhay ay isang banal na regalo mula sa Diyos. Kung gayon, nararapat na ito ay ipagtanggol, protektahan, at pangalagaan.] Binatikos din sa pahayag na ito ang maling sistema ng estado sa



SSD V18 N2_Gopez.indd 14 1/21/2024 4:15:46 PM

kampanya nito kontra droga. Ayon pa sa pahayag, "we cannot simply remain quiet and unmoved. We cannot condone all those killings. The killings must be abated and stopped. Rid the country of drug lords and drug syndicates without forfeiting the God-given life." [hindi tayo dapat manatiling tahimik at walang pakialam. Hindi natin dapat ipagsawalang-bahala ang lahat ng mga ginawang pagpaslang. Ang pagpatay ay dapat pigilan at patigilin. Maaaring alisin ang mga drug lord at sindikato na hindi binabalewala ang buhay na ipinagkaloob ng Diyos.]

Mahalaga ring itala na pagpapahalaga pa rin sa buhay ng lahat o hindi lamang ng piling sektor ng lipunan ang panawagan ng CBCP at UCCP, na maliwanag na makikita sa mga posisyon nito hinggil sa usapang pangkapayapaan at age of criminal liability. Sa UCCP04, umapela ang UCCP kay Pangulo Duterte na muling buhayin ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng NDFP sapagkat ang terminasyon nito ay maaaring maging banta sa buhay ng tao higit lalo sa mga mahihirap na komunidad sa probinsiya. Ang mga pahayag din ng UCCP at CBCP na kumukondena sa anumang uri ng karahasan, panggigipit, at pang-aabuso, higit lalo sa mga marhinalisadong sektor ng lipunan (CBCP04; UCCP01; UCCP03; UCCP05), gayundin ang pagsasalita nito laban sa mga napatunayang instrumento nito (CBCP02), ay nagpapatunay ng pagpapahalaga ng dalawa sa buhay ng isang indibidwal.

Maiuugnay rin ang mga ito sa mga inilabas na liham pastoral ng CBCP noong panahon ng panunungkulan ni Pangulo Fidel Ramos. Ang mga liham pastoral ay pumapatungkol sa pagpapahalaga sa buhay at pagbuo ng mga polisiya ng gobyerno hinggil sa pagkontrol ng lumolobong populasyon sa bansa. Mariin ang pagtutol at panawagan ng CBCP upang hindi maisakatuparan ang programa ng gobyerno ukol sa pagpaplano ng pamilya na nagsusulong sa paggamit ng artipisyal na pamamaraan ng birth control. Inilarawan ng Simbahan na isang bahagi ng "worldwide drive that undermines the value of life" [kabuuang hangarin ng mundo na isinasantabi ang kahalagahan ng buhay] ang programang ito (Youngblood 1998, p.10). Sa kabilang banda, matatandaang buhay rin ang ipinaglalaban ng CBCP nang magsimulang magbanggaan ang kagustuhan ng Simbahan na protektahan ang indibiduwal at karapatang pantao sa pamamagitan ng pagtatag ng Base Christian Communities, at ang kagustuhan ng militar na pangalagaan ang pambansang seguridad ng Pilipinas sa panahon ni dating Pangulo Marcos (Robert 1991).

Sumipi naman ng mahahalagang pahayag ang mga mananaliksik mula sa mga dokumento na nailathala sa panahong ito upang maitampok ang paninindigan ng CBCP at UCCP hinggil sa kahalagahan ng kalayaan at indibidbwal sa gitna ng pang-aabuso, panggigipit, at pananamantala ng estado at ng mga nasa kapangyarihan (tingnan ang Talahanayan 5).

Kung susuriing mabuti ang bawat pahayag sa talahanayan at ibabatay sa y-axis ng modipikadong ispektrum nina Demeterio (2012), malinaw na nangingibabaw o maiuuri sa libertaryan na paninindigan kapwa ang CBCP at UCCP dahil sa paulit-ulit nitong pagbanggit sa kahalagahan ng kalayaan; pagtuligsa nito sa mga



SSD V18 N2_Gopez.indd 15 1/21/2024 4:15:46 PM

nagiging dahilan ng giyera, kaguluhan, at pang-aabuso; at pagpapahalaga nito sa buhay ng bawat indibidwal sa anumang sektor, higit lalo sa mga bulnerable at marhinalisadong mamamayan.

**Talahanayan 5. Paninindigan ng CBCP at UCCP sa kalayaan at buhay ng indibidwal**

| CBCP | UCCP |
|---|---|
| **CBCP08:** *We, the Catholic Bishops of the Philippines, wish to enjoin your assistance and collaboration. We all cry from our hearts: War in Marawi, never again! War in Marawi, no more! We therefore call for the return to normalcy and peace in Marawi and its environs as soon as possible. We wonder whether the continued state of Martial Law, much more its extension, will bring this about. [Kami, ang Catholic Bishops of the Philippines, ay humihiling ng iyong tulong at kolaborasyon. Isinisigaw ng aming puso: Huwag maulit kailanman ang digmaan sa Marawi! Itigil na ang digmaan sa Marawi! Nananawagan kaming maibalik na sa normal at kapayapaan ang kalagayan ng Marawi at mga karatig-pook sa lalong madaling panahon. Hindi namin natitiyak kung ang pagpapatuloy ng Batas Militar ay makatutulong upang maisakatuparan ito.]* | **UCCP06:** *In the eyes of the law, everyone is afforded due process. Due process affords anyone a lawful arrest where no violence or unnecessary force is used, where the person arrested must not be subjected to a greater restraint than what is needed. Kian was a minor, he was put to death, now we don't think that is necessary. [Sa mata ng batas, lahat ay dapat dumaan sa tamang proseso. Ang due process ay nagbibigay sa sinuman ng makatarungang pag-aresto na hindi gumagamit ng karahasan o walang-katuturang puwersa, kung saan ang taong inaresto ay hindi kinakailangang parusahan nang hindi naaayon sa batas. Si Kian ay isang menor de edad, siya ay pinaslang, kahit hindi ito kinakailangan.]* |
| **CBCP09:** *We, therefore, ask our public officials as well as our own local communities to undertake the more arduous task of waging peace. This means addressing the root causes of unrest. Poverty is the mother of war. Along with poverty are other causes of unrest such as landlessness and inadequate implementation of agrarian reform, the continued destruction of our environment by irresponsible mining and logging operations, the continued practice of contractualization of labor, the marginalization of indigenous peoples and their displacements from their ancestral domains caused by the arm fighting between the military and the NPA forces, and corruption in government offices. [Kung gayon, kami ay nakikiusap sa mga opisyal ng gobyerno at mga lokal na pamayanan na gumawa ng mga hakbang upang panatilihin ang kapayapaan. Ibig sabihin, kailangang tugunan ang mga pangunahing dahilan na nagdulot ng kaguluhan. Ang kahirapan ay ang ugat ng giyera. Kasama na rito ang iba pang mga dahilan kagaya ng kawalan ng lupa at kakulangan sa pagpapatupad ng repormang pansakahan, ang patuloy na pagsira sa ating kapaligiran dahil sa mga iresponsableng operasyon ng minahan at pangangahoy, ang patuloy na kontraktuwalisasyon ng mga manggagawa, ang marhinalisasyon ng mga indigenous people at ang pagpapaalis sa kanilang ancestral domain dulot ng giyera sa pagitan ng puwersang militar at NPA, at ang korupsiyon sa pamahalaan.]* | **UCCP07:** *We as UCCP, affirming our belief that persons are created in the image of God and in the inviolability of human rights, will continue to resist Martial Law. We commit ourselves to defend human rights and human dignity…We as UCCP, affirming our belief that persons are destined to live in community with God and with all creation, oppose all forms of discrimination that diminish the dignity of every person. We commit ourselves to the creation of welcoming, caring communities. [Kami bilang UCCP, na naniniwala na ang bawat tao ay nilikha sa larawan ng Diyos at sa karapatang-pantao na hindi nababali, ay patuloy na tututol sa Batas Militar. Ipinapangako namin na ipagtatanggol ang karapatang-pantao at dignidad ng tao… Kami bilang UCCP, na naniniwala na ang mga tao ay nakatadhanang mamuhay sa komunidad kasama ang Diyos at lahat ng kinapal, ay sumasalungat sa laha ng uri ng diskriminisasyon na nagsasawalang-bahala sa dignidad ng bawat tao. Nangangako kami na bubuo ng komunidad kung saan lahat ay tanggap at iniingatan.]* |



SSD V18 N2_Gopez.indd 16 1/21/2024 4:15:46 PM


| | |
|---|---|
| **CBCP 13:** *No priest, and no human being for that matter, deserves to be killed with utter brutality, disrespect and impunity. Every priest, however imperfect, is God's gift to His Church and we are duty-bound to respect them as "ambassadors for Christ" (2 Cor 5:20). To kill a priest then, for whatever motive or cause, is not only unchristian and inhuman; it is also un-Filipino. [Walang sinumang pari, at sinumang tao ang nararapat na patayin nang may labis na pagmamalupit, paglapastangan, at pagpapabaya. Bawat pari, hindi man ito*<br><br>*perpekto, ay biyaya ng Panginoon sa kaniyang Iglesia at kami ay naniniyak sa tungkuling sila ay respetuhin bilang "pinakamataas na pinuno kay Kristo" (2 Cor 5:20). Ang pagpatay ng pari kung gayon, sa anumang motibo o dahilan, ay hindi gawaing Kristiyano at makatao; ito ay hindi rin maka-Filipino.]* | **UCCP09:** *These sequence of violence in Mindanao despite Martial Law only shows no less that martial law or military rule is not the apposite way to attain lasting peace. Martial Law in Mindanao is only proven futile in securing peace in the region. Eighteen (18) months after Martial Law was declared in Mindanao, 75% of AFP troops have been positioned, thousands of checkpoints setup and billions of funds funneled to intelligence operations. The government under Pres. Duterte inexcusably failed to avert violence and quell terrorism in Mindanao.* [*Ang sunod-sunod na mga karahasang ito sa Mindanao, sa kabila ng Martial Law, ay indikasyon na ang batas militar o pamamahalang militar ay hindi angkop na solusyon sa pagkamit ng pangmatagalang kapayapaan. Napatunayang walang saysay sa pagtiyak ng kapayapaan sa rehiyon ang martial law sa Mindanao. May labingwalong (18) buwan na ang nakalilipas matapos maideklara ang Martial Law sa Mindanao, nasa 75% ng AFP troops ang nakaposisyon, libo-libong checkpoint setups at bilyon-bilyong pondo ang inilaan sa intelligence operations. Ang gobyerno sa ilalim ng Pang. Duterte ay nabigo sa pagtugis ng karahasan at pagsugpo ng terorismo sa Mindanao.]* |
| **CBCP17:** *Our faith informs us that no human being in this world deserves to be treated as a "non-human," not even the mentally ill, or those born with disabilities. This is consistent with our defense of the right to life even of the unborn, because we believe that all human beings are creatures in God's image and likeness, imbued with an innate dignity. We also must consider the right to life of people who are brutally murdered just because they are suspected of being opponents of government, as well as those who are summarily executed by armed groups. Everyone in the civilized community of nations would agree that even those who may have committed criminal offenses should be treated in a humane way, even as justice demands that they be held accountable for their actions.[ Sinasabi ng aming pananampalataya na walang sinuman sa mundong ito ang nararapat na itrato sa hindi makataong paraan, maging ang mga mentally ill, o ang mga ipinanganak na disabled. Ito ay nananatiling kaakibat ng aming pagprotekta sa karapatan sa buhay maging sa mga hindi pa naisisilang, dahil naniniwala kami na ang lahat ng tao ay nilaláng ng Panginoon sa Kaniyang imahe at wangis, puspos ang likas na dignidad. Dapat ding ikonsidera ang karapatan sa buhay ng mga taong brutal na pinatay dahil lamang sa*<br><br>*paghihinala sa mga ito bilang kalaban ng*<br><br>*gobyerno, gayundin ang mga biglaang dinakip ng mga armadong grupo. Lahat ng nasa sibilisadong komunidad ng nasyon ay sasang-ayon na maging ang mga nakagawa ng criminal offenses ay nararapat pa ring itrato sa makataong paraan, kahit na ang hustisya na ang nagtakda na sila ay dapat na panagutin sa mga aksiyon.]* | **UCCP12:** *Our vision as a church, is to live in a society where justice and peace reign, where the right to Life and Liberty is recognized and upheld. Nevertheless, under Duterte's tyrannical rule, the whole country and the people are facing the catastrophic effects of oppression and violence.[Ang aming bisyon bilang simbahan, ay ang mabuhay sa lipunang may nananaig na katarungan at kapayapaan, kung saan ang karapatan sa Buhay at Kalayaan ay kinikilala at iniingatan. Gayumpaman, sa ilalim ng marahas na pamamahala ni Duterte, ang buong bansa at*<br><br>*ang mga tao ay humaharap sa mga trahedyang dulot ng opresyon at karahasan.]* |



SSD V18 N2_Gopez.indd 17 1/21/2024 4:15:46 PM

| | |
|---|---|
| **CBCP18:** *May the growing death list disturb the consciences of the murderers. It is my ardent prayer that instead of perpetrating violence, they may open their eyes to the reality of truth – that life is precious, that it is a sin to kill. [Nawa'y ang humahabang death list ay kumakatok sa mga konsiyensiya ng mga mamamatay-tao. Ito ang aking taimtim na dalangin na sa halip na gumawa ng karahasan, nawa'y buksan nila ang kanilang mga mata sa realidad ng katotohanan – na ang buhay ay mahalaga, na kasalanan ang pagpatay.]* | **UCCP14:** *We resolutely believe that the Church cannot go wrong in serving and defending the poor and the destitute. Hence, we remain steadfast in our resolve to advocate justice for the weak until they are delivered from the hands of their oppressors and tormentors. Our continuing efforts to defend and be in solidarity with the lumads and other marginalized sectors is grounded on our firm commitment to bring the good news of God to the masses. No amount of intimidations or pressures from whoever can force our church to abandon our sacred calling and duty to do Christ's mission in season or out of season.[ Kami ay lubos na naniniwala na ang Simbahan ay hindi nagkakamali sa paglilingkod at pagpoprotekta sa mahihirap at sa nangangailangan. Kung kaya, kami ay nananatiling matatag sa aming pasyang manguna sa paghahanap ng hustisya para sa mga pinagkaitan hanggang sa sila ay mailigtas mula sa kamay ng nang-aapi at nagpapahirap sa kanila. Ang aming patuloy na paglilingkod upang protektahan at makiisa sa mga lumad at iba pang marginalisadong sektor ay nakabuhol sa aming panatang magdala ng mabuting balita ng Panginoon sa masa. Hind i mapupwersa ng anumang  pananakot o panggigipit mula sa sinuman ang aming simbahan na iwanan ang aming sagradong calling at tungkuling isagawa ang misyon ni Kristo sa anumang panahon.]* |

Sa pangkalahatan, nasa pagitan ng liberal na libertaryan at moderato kapwa ang CBCP at UCCP sa pre-pandemic period, na biswal na ipinakikita sa Larawan 3.




**Pigura 3. Ang kabuuang ideolohiyang politikal ng CBCP at UCCP sa pre-pandemic period.**





SSD V18 N2_Gopez.indd 18 1/21/2024 4:15:46 PM

## Ang Paninindigan ng Simbahan sa Panahon ng Pandemya

Sa mga huling taon ni Duterte bilang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, naganap ang mga sumusunod: (1) pagpasok ng COVID-19 sa Pilipinas; (2) pagpapatupad ng iba't ibang uri ng lockdown sa bansa; (3) pagpapasara sa ABS-CBN; (4) pag-apruba ng Pangulo sa Anti-Terrorism Act of 2020; (5) pagbubukas ng mga paaralan gamit ang iba't ibang moda sa gitna ng pandemya; (6) vaccination program at mga isyu sa pagtugon ng pamahalaan sa epekto ng pandemya; at (7) Eleksiyon 2022.

Sa CBCP21, ipinahayag ng mga Obispo ng Simbahang Katolika ang muli nilang panawagan na itigil ang Kaliwa Dam project at bumuo ng mga sustenableng alternatibong programa na hindi magdudulot ng mga negatibong epekto sa kapaligiran, sa mga katutubong grupo, at maging sa mga mamamayang Pilipino sa kabuuan. Inihayag naman sa CBCP22 ang pagkagulat ng Simbahan sa mabilis na pagpasa sa Kongreso ng Anti-Terror Bill (na ngayon ay Anti-Terror Law na) at ang mariin nilang pagtutol sa panukalang batas na ito, na itinuturing ng mga kritiko bilang banta sa kalayaan at kapayapaan sa bansa. Nakasaad naman sa CBCP23 ang mga isyu na kinahaharap ng iba't ibang sektor dulot ng pandemya at ng restriksiyon na ipinatutupad ng pamahalaan. Umapela ang CBCP sa pamahalaan na magsagawa ng konsultasyon sa mga eksperto at ibatay sa pananaliksik ang mga aksiyon para labanan ang COVID-19 sa bansa. Nilalaman naman ng CBCP24 ang pagsuporta ng CBCP sa pamahalaan sa programa sa pagbabakuna sa mga Pilipino, bagaman binigyang-diin nito na marapat irespeto ang kalayaan ng isang indibidwal. Hinimok din ng pahayag ang pamahalaan na tiyakin na ang mga bakunang gagamitin sa mga Pilipino ay iyong walang kontrobersiyang moral: "If there are several available vaccines we urge the national government to prioritize vaccines that were developed without the use of the morally controversial cell lines derived from the remains of an aborted child" [Kapag marami ang pagpipiliang bakuna, hinihikayat namin ang pamahalaan na bigyang-tuon ang mga bakuna na hindi gawa mula sa mga hindi katanggap-tanggap na labi ng mga ipinalaglag na bata] (CBCP24). Hinikayat naman ng CBCP25 ang mga Katolikong mananampalataya na ipagdiwang ang Panahon ng Paglikha (Season of Creation), makilahok sa mga gawaing inorganisa sa pamamagitan ng National Laudato Si' Program para maipatupad ang Laudato Si' Action Platform na may temang *A 7-year journey together towards living the vision of Laudato Si'*, at lumagda sa *Sign the Healthy Planet, Healthy People Petition*. Binatikos naman sa CBCP26 ang mga anomalya sa paggamit ng pondong pantugon sa pandemya, at hinikayat ang mga mananampalataya na manindigan para sa tama. Ipinanawagan naman sa CBCP27 ang mahahalagang gawain upang matugunan ang lumalalang problema sa kalikasan kabilang na rito ang pagsuporta sa Rights of Nature Bill sa Kongreso at pagpasa sa mga local na ordinansa na nagpapahalaga sa kalikasan. Nagsasagawa rin ng mga kampanya na nagsusulong sa karapatan sa kalikasan at integral na ekolohiya (rights of nature at integral ecology). Patuloy rin ang diyalogo sa pagitan ng mga lokal na pamahalaan para sa pagsulong ng mga inisyatibo sa pagpapahalaga sa kalikasan. Halimbawa sa mga hakbang ng mga



SSD V18 N2_Gopez.indd 19 1/21/2024 4:15:46 PM

ahensya ng pamahalaan ay ang ban on destructive extractive and polluting projects at Sapat Lifestyle Campaign (CBCP28).

Sa kabila ng pandemya, nagpatuloy ang UCCP sa paglalathala ng mga pastoral na pahayag. Sa UCCP15, kinilala ng mga Obispo ang papel na ginagampanan ng mga frontliner sa bansa, at binatikos ang mga aksiyon ng Pangulo sa pagtugon sa pandemya. Inihayag naman sa UCCP16 ang mariing pagtutol ng Simbahang Protestante sa Anti-Terrorism Bill at sa red-tagging na ginawa ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) sa UCCP at sa iba pang panrelihiyong grupo at institusyon sa bansa. Hinimok naman sa UCCP17 ang mga kasapi ng Simbahan na manatiling mapanuri sa samu't saring suliranin na kinakaharap ng bansa sa panahon ng pandemya, lalo pa at muling haharap noon ang Pangulo sa bayan para sa kaniyang State of the Nation Address (SONA). Tinalakay sa pastoral na pahayag ang kawalan ng abilidad ng pamahalaan na tugunan ang pandemya sa siyentipikong pamamaraan at ang pagpokus nito sa mga bagay na hindi naman makatutulong sa paglutas ng pandemya (halimbawa, pag-apruba sa Anti-Terror Law, pagsampa ng kasong perhuryo laban kay Maria Ressa, pagpapasara sa ABS-CBN, at pagbabansag sa mga manggagawa ng simbahan bilang komunista at terorista). Nilinaw naman ng mga Obispo sa UCCP18 ang akusasyon na pinipigilan nila ang mga Lumad na bumalik sa kanilang mga tahanan at sinabing desisyon ng mga Lumad na manatili sa kalinga ng UCCP Haran. Kinondena rin nila ang mga kasong isinampa laban sa mga kasapi, lider, manggagawa, at obispo ng UCCP at tiniyak na haharapin nila ito sa Korte nang buong tapang. Matapos namang maging ganap na batas ang Anti-Terrorism Bill, muling naglabas ang UCCP ng pahayag ng pagtutol sa mga probisyon ng batas at pagkabahala sa maaaring maging epekto nito sa mga Pilipino (UCCP19). Matapang ding pinuna sa UCCP20 ang brutal na pagpatay at ilegal na pag-aresto sa mga unyonista, lider ng manggagawa, aktibista, at tagapagtaguyod ng karapatang pantao sa Batangas, Cavite, Laguna, Quezon, at Rizal noong 07 Marso 2021. Nanawagan ang mga Obispo sa agarang pagtigil ng mga patayan at karahasan. Sa wika nga nila, "Stop the attacks! Stop the killings! End the culture of impunity! Uphold human dignity! Defend human rights!" [Itigil ang mga pag-atake! Itigil ang mga pagpaslang! Wakasan ang kultura ng impunity! Panatilihin ang dignidad ng mga tao! Ipaglaban ang mga karapatang pantao!]. Kinilala naman sa UCCP21 ang mahalagang ambag ng mga manggagawa sa bansa bilang bahagi ng pagdiriwang ng Araw ng Manggagawa 2021. Ginamit din ng mga Obispo ang pagkakataong ito upang manawagan kay Duterte na pakinggan ang tunay na boses ng mga manggagawa at unahin ang interes nila kaysa ng mga kapitalista. Kinondena naman sa UCCP22 ang pag-aresto kay Pastor Dan Balucio noong 02 Mayo 2021 sa kaniyang bahay sa San Isidro, Albay. Nanindigan ang Konsilyo ng mga Obispo ng UCCP na gawa-gawa lamang ang mga kasong inihain sa kaniya at nanawagan sa agarang pagpapalabas sa pastor. Sa UCCP23, muling nanawagan sa pamahalaan ang Simbahang Protestante upang itigil ang mga karahasang ginagawa nito sa mga manggagawa ng simbahan at agad na palayain



SSD V18 N2_Gopez.indd 20 1/21/2024 4:15:46 PM

ang mga biktima ng kawalang-hustisya at gawa-gawang kaso, katulad ng mga pastor na sina Daniel Balucio, Benjie Gomez, Jimmy Teves, and Rev. Nathaniel "Dodo" Valiente. Binanggit din ng UCCP ang mga biktima ng red-tagging at extrajudicial killing na marapat itigil ng pamahalaan. Nakatuon naman ang UCCP24 sa batikos ng Simbahan sa mga isyu ng korupsiyon at hindi maayos na pamamahala ng Kagawaran ng Kalusugan sa pandemyang kinakaharap ng bansa. Inisa-isa rin ng UCCP sa pahayag na ito ang mga tiyak nilang rekomendasyon upang episyenteng matugunan ang pandemya. Sa UCCP25 naman inisa-isa ang mga maaaring gawin ng mga simbahan at mananampalataya upang magkaroon ng maayos na eleksiyon at matalinong makaboto ang bawat Pilipino. Ipinaalala naman ng UCCP26 sa mga mananampalataya na huwag kalimutan ang EDSA People Power Revolution bilang kasaysayan ng pakikibaka ng mga mamamayan para sa demokrasya, katarungan, at kapayapaang panlipunan. Binigyang-diin din ang kahalagahan ng matalinong pagpili ng mga susunod na lider ng bansa sa Eleksiyon 2022. Inendorso naman sa UCCP27 ang tandem nina Leni Robredo at Kiko Pangilinan bilang pangulo at pangalawang pangulo ng bansa. Pinangalanan din sa pahayag na ito ang mga senador na nakatugon sa pamantayan ng Simbahang Protestante, at hinikayat ang mga mananampalataya na piliin ang mga lider na malapit ang katangian sa mga itinuturong pinahahalagahan ng Diyos. May pagkakatulad ito sa pag-endorso ng mga pinuno ng Simbahang Katolika at Simbahang Protestante kay Corazon Aquino bilang susunod na pangulo laban kay Marcos, Sr., bago pumutok ang rebolusyon sa EDSA, sa hangaring magkaroon ng isang makabagong politika na ang pundasyon ay nasa moralidad ng hustisya at katotohanan (Youngblood 1987). Sa huling pahayag naman ng UCCP sa panahong ito, inihayag ang matinding pagkadismaya ng Simbahang Protestante sa resulta ng Halalan 2022 na sa paglalarawan sa pahayag ay bunga ng malalang misimpormasyon, disimpormasyon, at anomalya sa eleksiyon.

Kung ang x-axis ng modipikadong ispektrum ang pag-uusapan, masasabing nanatili sa pagitan ng liberal at moderato ang CBCP, samantalang namayani naman ang ideolohiyang liberal ng UCCP. Mapapansin ang direktang pagpuna ng Simbahang Katolika at Protestante sa kasalukuyang pampolitika, pang-ekonomiya, at panlipunang kaayusan at ang pagbibigay ng mga ito ng mga progresibong solusyon sa mga suliraning panlipunan. Gayunman, kapansin-pansin ang mas matingkad at malalim na pagsusuri ng UCCP sa iba't ibang isyung panlipunan. Ang ilan sa mga halimbawa ay itinala sa ibaba:

> *We, therefore, call on the concerned government agencies and other proponents of the Kaliwa Dam project to stop the implementation unless proper review is done to correct its flawed procedures. For the sake of the common good, we strongly recommend that ecologically sustainable alternatives be carefully considered, as proposed by experts in responding to the challenges of the water crisis in Metro Manila, without destroying the precious culture and sustainable future of our Dumagat-Remontados tribes (CBCP22).*

*As shepherds of the Church we are saddened and deeply concerned by these issues and would like to urge the government of President Rodrigo R. Duterte to: 1. Implement a sustainable and accessible health care system for the country that would benefit the poor people in communities that are vulnerable in contracting Covid-19 and other types of epidemic and diseases that can cause mass infection; 2. Hold accountable government executives and employees responsible or involved in mismanagement of financial and material resources and file appropriate administrative sanctions and subject to investigation or disciplinary action; 3. Provide decent pay for health workers, comparable to overseas employment to prevent brain drain of doctors, nurses, and other health workers; 4. Develop basic health care program in the local communities by increasing the ratio of doctors and nurses to population, which the 2017 survey shows only less than 1 or at measly 0.41 doctors per 1,000 population; 5. Replace inefficient and ineffective cabinet secretaries with competent and committed ones who will serve the best interests of the people and not just their own vested economic and political interests; 6. Provide adequate budget for the health care system by making municipal, provincial and city hospital well-staff with competent health workers and provided with necessary facilities and equipment that can accommodate anticipated number of patients in times of the pandemic and other health emergencies; 7. Support private hospitals that cater to the health care needs of the poor and marginalized; and, 8. Address the root causes of illness and diseases, which are economic marginalization seen in poverty situation, unemployment, landlessness and disparity in access to wealth and resources; political control of the ruling class that arrogates power to maintain wages way below the subsistence level and the lopsided economic priorities*

*[Nanawagan kami sa mga ahensiya ng gobyerno at mga nagpanukala sa Kaliwa Dam Project na itigil ang implementasyon hangga't hindi pa nagkakaroon ng malinaw na pagsusuri sa proyekto para maisaayos ang mga pagkakamali rito. Para sa kapakanan ng lahat, hinihikayat na magkaroon ng sustenableng alternatibo na inirerekomenda ng mga eksperto bilang pagtugon sa mga hamon ng kakulangan ng tubig sa Metro Manila, na kailanmay's hindi nasisira ang kulutura at sustenableng hinaharap ng tribong Dumagat-Remontados (CBCP22).*

*Bilang mga pastol ng Simbahan, lubos kaming nalulungkot at nadidismaya sa mga isyu na ito, kaya hinihikayat namin ang administrasyong Duterte na gawin ang mga sumusunod: (1) Magpasimula ng mga sustenable at abot-kayang pagamutan sa bansa na makikinabang ang mga mahihirap na komunidad at maging ang mga may matataas na tyansa na makakuha ng Covid-19 at iba pang klase ng epidemya at impeksyon na makakaresulta sa malawakang impeksyon sa masa; (2) Panagutin ang mga namamahala sa pamahalaan at empleyado na napatunayang sangkot sa mga pinansyal at materyal na kayamanan at magbigay ng nararapat na parusa na maaaring humantong sa imbestigasyon o disciplinary action; (3) Mabigyan ng nararapat na sweldo para sa mga health worker na katumbas sa mga sweldo sa ibang bansa upang maiwasan ang pagkaubos ng mga doktor, nars, and iba pang mga health worker; (4) Bumuo ng isang programang pangkalusugan sa mga lokal na komunidad sa pamamagitan*



SSD V18 N2_Gopez.indd 22 1/21/2024 4:15:46 PM

*ng pagdagdag ng bilang ng mga doktor at nars sa populasyon, na ayon sa 2017 na sarbey ay mayroong humigit-kumulang 1 or 0.41 na doktor sa bawat 1, 000 populasyon; (5) Palitan ang mga walang kakayahan at hindi epektibong gabinete ng mga maaasahan at tapat na mga lingkod-bayan na palaging isinasaisip ang kapakanan ng mga indibidwal at hindi ang kanilang pang-ekonomiko at politikal na interes; (6) Magbigay ng sapat na badyet sa mga programang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga maaasahang tauhan sa mga ospital sa munisipyo, probinsya at lungsod, at pagbibigay ng sapat na materyal na kayang tugunan ang pangangailangan ng mga pasyente sa panahon ng pandemya at sa iba pang mga health emergency; (7) Bigyan ng suporta ang mga pampribadong ospital upang matugunan ang pangangailangan ng mga mahihirap at mga minorya sa lipunan. (8) Tugunan ang mga pangunahing dahilan ng mga sakit gaya ng marhinalisasyong pang-ekonomikong dulot ng kawalan ng trabaho, pagmamay-ari, at hindi pagkakapantay-pantay na distribusyon ng kayamanan; pagkontrol ng mga nasa ruling class na naaapektuhan ang pagbibigay ng sweldo sa mga mahihirap na nagdudulot ng hindi pagkakapantay-pantay sa ekonomiya] (UCCP24).*

Malinaw ring napanatili kapwa ng CBCP at UCCP ang libertaryang paninindigan sa panahon ng pandemya. Isang patunay rito ang pahayag ng mga Katolikong Obispo sa CBCP22 na nagpapahalaga sa buhay ng mga katutubong Dumagat-Remontados at bumabatikos sa maling aksiyon ng Estado. Gayundin ang pahayag ng CBCP at UCCP hinggil sa kalayaan ng indibidwal na magdesisyon sang-ayon sa alam niyang tama at mali, at sa pagbibigay-diin sa mandato ng Estado na protektahan ang buhay ng bawat indibidwal:

*Man has the right to act in conscience and in freedom so as personally to make moral decisions. He must not be forced to act contrary to his conscience. We therefore recognize that each individual person should be left free to decide to choose to be vaccinated or not according to his or her conscience with full awareness of the obligation to protect oneself from being an instrument of contagion and the farther spread of the virus [Ang bawat tao ay may karapatang gumawa ng mga moral na desisyon batay sa kanyang konsensya at kalayaan. Hindi dapat siya napipilitang gumawa ng mga bagay na hindi sumasang-ayon sa kanyang konsensya. Kinikilala namin na ang bawat indibidwal ay may karapatang mamili na mabakunahan o hindi batay sa kanyang konsensya at obligasyon na maprotektahan ang kanyang sarili para hindi maging instrumento ng patuloy na paglaganap ng virus] (CBCP25).*

*We deplore the State's repression and curtailment of the right to life, self-expression and civil liberties of Church people. The State has the moral responsibility to protect the life of its citizens, but it operates counter to its constitutional mandate. It should have been instituting social justice, ensure equal access to social services and provision of decent jobs for people to live decent lives [Tumututol kami sa paglilimita ng gobyerno sa mga karapatang pantao ng mga nasa Simbahan kagaya ng karapatang mabuhay, karapatang magsalita, at iba pang mga karapatang sibil. Ang gobyerno ay may moral na responsibilidad na protektahan ang buhay*




SSD V18 N2_Gopez.indd 23 1/21/2024 4:15:46 PM

*ng mga mamamayan nito, habang sinusunod ang mga batas na nakasaad sa Konstitusyon. Ito ay dapat nagpapakita ng pagkakapantay-pantay sa lipunan, pagbibigay ng pantay na oportunidad sa mga social service, at pagbibigay ng trabaho sa mga mamamayan upang mamuhay ng disente.] (UCCP23).*

Kung ang y-axis ng modipikadong ispektrum ni Demeterio (2012) ang pag-uusapan, malinaw na maiuuri sa libertaryang ideolohiya kapwa ang CBCP at UCCP dahil sa paulit-ulit nitong pagbanggit ng kahalagahan ng buhay ng bawat indibidwal sa anumang sektor.

Sa pangkalahatan, nanatili ang liberal na libertaryan at moderatong ideolohiya ng CBCP sa pandemic period, at gumalaw sa liberal na libertaryan ang ideolohiyang politikal ng UCCP, na biswal na ipinakikita ng Larawan 4.




**Pigura 4. Ang kabuuang ideolohiyang politikal ng CBCP at UCCP sa pandemic period.**

## Kongklusyon

Mula sa mga pagsusuri sa mga pahayag sa dalawang panahon, lumalabas na nasa pagitan ng liberal na libertaryan at moderato ang ideolohiya ng CBCP. Kung ihahambing sa politikal na ideolohiya ng CBCP sa limang panahon ng kontemporaryong eklesiyastiko-politikal na kasaysayan ng Pilipinas sa pag-aaral ni Demeterio (2012), ang paninindigan ng CBCP sa panahon ni Duterte ang pinakaprogresibo at libertaryan sa lahat. Sa pananaliksik na ito ni Demeterio, taglay ng CBCP ang ideolohiyang liberal na awtoritaryan/moderato noong Panahon bago ang Batas Militar, konserbatibo noong Maagang Panahon ng Batas Militar, moderato noong huling Panahon ng Batas Militar, liberal na libertaryan/liberal na awtoritaryan noong Panahon ng mga Pag-aalsa sa EDSA, at liberal na libertaryan/liberal na awtoritaryan/moderato noong Panahong Post-Sin. Ibig sabihin, kumpara



SSD V18 N2_Gopez.indd 24 1/21/2024 4:15:46 PM

sa posisyon ng CBCP sa mga nakaraang panahon at rehimen, mas naging mulat, matalas, at progresibo ang pagsusuri ng mga Obispo ng Simbahang Katolika sa mga isyung panlipunan at mas kinilala nito ang kahalagahan ng kalayaan ng indibidwal kumpara sa Estado. Samakatwid, nalampasan na ng CBCP ang dating panahon na basta na lamang nagbibigay ng suporta o pagtuligsa sapagkat tinutukoy na ngayon ng CBCP ang mga ugat ng problema at tiyak na hakbang na tutulong sa mga Katolikong mananampalataya sa sari-sarili nilang pagsusuri at pagbuo ng desisyon.

Samantala, taglay naman ng UCCP ang liberal na libertaryan at moderatong ideolohiya sa pre-pandemic period, samantalang namayani ang liberal na libertaryang panininidigan sa pandemic period. Sapagkat wala pang naisagawang pagsusuri sa mga pastoral na pahayag ng UCCP sa ibang panahon, iminumungkahi ang hermeneutikong analisis sa mga pastoral nitong pahayag sa iba't ibang administrasyon bago si Duterte o sa iba't ibang panahon ng kasaysayan nito sa lipunang Pilipino. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang progresibong diwa sa politikal na pakikisangkot ng UCCP ay bunga ng mga naging karanasan at pagkatuto nito sa kasaysayan.

Sa pangkalahatan, liberal na paninindigan ang namayaning ideolohiya sa CBCP at UCCP, sang-ayon sa x-axis ng modipikadong ispektrum na nakatuon sa kasalukuyan at pagbabago. Batay naman sa y-axis ng ispektrum, malinaw na libertaryan ang pagpapahalaga ng CBCP at UCCP tungkol sa indibidwal at estado. Ibig sabihin, ang UCCP at CBCP ay parehong institusyong hindi lamang basta nakatuon sa espirituwal na buhay ng mga kasapi nito, kung hindi tagapagtaguyod din ng progresibong diwa para sa pagbabago na mulat sa kabuuang kalagayang pampolitika, pang-ekonomiya, at panlipunan ng mga Pilipino, higit lalo sa gitna ng ibang relihiyon na kung hindi sumusuporta sa pagmamalabis ng mga namumuno ay nananahimik sa iba't ibang mahahalagang isyu sa bansa (Cornelio at Marañon, 2019).

Gayunpaman, mahalaga ring itala ang sinasabi ni Borja (2016) hinggil sa pangangailangang masuri ang politikal na aktibidad ng mga panrelihiyong organisasyon, lampas sa mga opisyal nitong dokumento. Mainam ding isaalang-alang ang dibisyon sa pagitan ng mga pinuno ng Simbahan at ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa estruktura, interes, at pagtingin nito sa mga isyung panlipunan na lumabas sa pagsusuri ni Youngblood (1982). Sapagkat limitado sa metodolohiyang ginamit at maging sa mga piling pastoral na pahayag ang pananaliksik na ito, kinakailangan pa ang mas malawak na pagtingin sa dalawang simbahan mula sa mga pahayag na inilalathala nito, patungo sa proseso ng pagbuo ng mga lider ng Simbahan, pagtanggap ng mga kasaping mananampalataya, hanggang sa pagsasakonteksto nito sa mas malalalim na sitwasyong pangkultura, pampolitika, pangkasaysayan, at panlipunan na nararanasan ng lipunang Pilipino.

Hangarin din ng mga mananaliksik na tunay na makaabot ang diwa ng diskursong taglay ng mga politikal na pahayag sa mga target nitong mambabasa—



SSD V18 N2_Gopez.indd 25 1/21/2024 4:15:46 PM

ang mga Katoliko at Protestanteng Pilipino na direktang nakararanas ng iba't ibang isyu at suliraning panlipunan, lalo pa at kitang-kita ang malaking pagitan sa paninindigan ng Simbahan at ng mga Kristiyanong mamamayan na karamihan pa rin ay may mataas na tiwala at pagtanggap sa naging pamumuno ni Duterte.

## Sanggunian


Abellanosa, Rhoderick John. 2013. "Poverty of words in poverty discourses: The case of the Catholic Bishops Conference of the Philippines." *Philippine Sociological Review* 61, no. 1: 175–203. Kinuha sa: http://www.jstor.org/stable/43486360.

Alberto, Teopisto. 1973. "Population problem and family life." *CBCP Online*. Kinuha sa: https://cbcponline.net/pastoral-letter-of-the-catholic-hierarchy-of-the-philippines-on-the-population-problem-and-family-life/.

Astorga, Ma. Christina. 2006. "Culture, Religion, and Moral Vision: A Theological Discourse on the Filipino People Power Revolution of 1986." *Theological Studies* 67, no. 3: 567–601. Kinuha sa: https://doi.org/10.1177/004056390606700305.

Batalla, Eric Vincent, at Rito Baring. 2019. "Church-state separation and challenging issues concerning religion." *Religions* 10, no. 3: 1–10. Kinuha sa: https://doi.org/10.3390/rel10030197.

Borja, Anthony Lawrence. 2016. "Ang mga ideolohiyang politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: Isang pag-aaral sa mga piling pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas." *Philippine Political Science Journal* 37, no. 1: 69–71. Kinuha sa: https://doi.org/10.1080/01154451.2016.1146482.

Cornelio, Jayeel, at Prince Kennex Aldama. 2021. "Because we are Christian and Filipino: Christianity and the death penalty in the Philippines." *Social Sciences and Missions* 34, nos. 3-4: 310–34. Kinuha sa: https://doi.org/10.1163/18748945-bja10036.

Cornelio, Jayeel, at Ia Marañon. 2019. "A 'Righteous Intervention': Megachurch Christianity and Duterte's War on Drugs in the Philippines." *International Journal of Asian Christianity* 2, no. 2: 211–30. Kinuha sa: https://doi.org/10.1163/25424246-00202005.

Cornelio, Jayeel, at Erron Medina. 2019. "Christianity and Duterte's War on Drugs in the Philippines." *Routledge Taylor & Francis Group* 20, no. 2: 151–69. Kinuha sa: https://doi.org/10.1080/21567689.2019.1617135.

Demeterio, Feorillo Petronillo. 2012. *Ang mga Ideyolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines.* Manila: De La Salle University Publishing House.

Esmaquel, Paterno II. 2022. "'Church cannot be neutral about good or evil'–Archbishop Villegas." *Rappler*, March 5. Kinuha sa: https://www.rappler.com/nation/elections/video-catholic-church-cannot-be-neutral-good-evil-archbishop-soc-villegas/.

Felicilda, Joshua. 2019. "Ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa Rosales Saga ni F. Sionil Jose." *Humanities Diliman* 16, no. 1: 110–33. Kinuha sa: https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/6683.

Francisco, Jose Mario. 2015. "Letting the texts on RH speak for themselves (Dis)continuity and (counter)point in CBCP statements." *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints* 63, no. 2: 223–46. Kinuha sa: https://www.jstor.org/stable/24672335.




SSD V18 N2_Gopez.indd 26 1/21/2024 4:15:46 PM

Gochuico, Jonathan, Gina Gonong, at Zenaida Reyes. 2015. "Power and ideology in the Catholic Bishops' Conference of the Philippines' pastoral letters after Martial Law years: A critical discourse analysis." *The Normal Lights* 9, no. 1: 49–71. Kinuha sa: https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/7.

Lopez, Virgil. 2020. "Duterte and the Left: A broken relationship." *GMA News Online,* December 27. Kinuha sa: https://www.gmanetwork.com/news/specials/content/177/duterte-and-the-left-a-broken-relationship/.

Perry, Michael. 2021. "Timeline: Philippine President Duterte's Tumultuous Term." *US News,* October 3. Kinuha sa: https://www.usnews.com/news/world/articles/2021-10-03/timeline-philippine-president-dutertes-tumultuous-term.

Robert, Dana. 1991. "Marcos Against the Church—Economic Development and Political Repression in the Philippines." *America* 165, no. 9: 225–26.

Slomp, Hans. 2000. *European Politics into the Twenty-First Century: Integration and Division.* Westport: Praeger Publishers.

Tibus, Van Cliburn. 2017. "A missiological study of the United Church of Christ in the Philippines in its Constitution and General Assembly documents." Master's thesis, Silliman University. Kinuha sa: https://www.vemission.org/fileadmin/redakteure/Dokumente/Tibus_Thesis_UCCP_Study.pdf.

Thompson, Mark. 2016. "The early Duterte presidency in the Philippines." *Journal of Current Southeast Asian Affairs* 35, no. 3: 3–14. Kinuha sa: https://doi.org/10.1177/186810341603500301.

Timberman, David. 2019. "Philippine politics under Duterte: A midterm assessment." Carnegie Endowment for International Peace." *Carnegie.* Kinuha sa: https://carnegieendowment.org/2019/01/10/philippine-politics-under-duterte-midterm-assessment-pub-78091.

World Council of Churches. n.d. *United Church of Christ in the Philippines*. Kinuha sa: https://www.oikoumene.org/member-churches/united-church-of-christ-in-the-philippines.

Youngblood, Robert. 1982. "Structural Imperialism: An Analysis of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines." *Sage Publications, Inc.* 15, no. 1: 29–56.

Youngblood, Robert. 1987. "The Corazon Aquino "Miracle" and the Philippine Churches." *University of California Press* 27, no. 12: 1240–55. Kinuha sa: https://www.jstor.org/stable/2644632.

Youngblood, Robert. 1998. "President Ramos, the Church, and population policy in the Philippines." *Asian Affairs, an American Review* 25, no. 1: 3–19.

**TUNGKOL SA MGA MAY-AKDA**

Si Christian P. Gopez ay fakulti at Tagapangulo ng Departamento ng Humanidades at Agham Panlipunan ng Senior High School Division ng De La Salle University (DLSU). Siya rin ang kasalukuyang punong patnugot ng Sinaya: Philippine Journal for Senior High School Teachers and Students. Nagtapos siya ng kursong BSE-Filipino at Diploma in Teaching Reading, magna cum laude at Balagtas Awardee, sa Philippine Normal University Manila. Natamo niya ang Master of Arts in Philippine Studies – Language, Culture, and Media sa DLSU at nakamit ang mga parangal na Outstanding MA Thesis at Outstanding Contribution to the Department. Tinatapos niya rin sa kasalukuyan ang PhD in Philippine Studies sa parehong unibersidad. Maaaring makipag-ugnayan sa kaniya sa pamamagitan ng email: christian.gopez@dlsu.edu.ph.



SSD V18 N2_Gopez.indd 27 1/21/2024 4:15:46 PM

Si Feorillo A. Demeterio III ay Full Professor sa Departamento ng Filipino at Executive Director ng Research Grants and Management Office ng De La Salle University Manila. Siya ay may-akda ng limang aklat at higit 100 artikulo tungkol sa hermeneutika, araling kultural, araling Pilipino, at Pilosopiyang Filipino, na nailathala sa iba't ibang lokal at internasyonal na journal. Nanungkulan siya bilang visiting professor sa Council for Research in Values and Philosophy sa Catholic University of America, Washington, D.C. noong 2013. Kinilala rin siya noong 2014 bilang outstanding alumnus sa larangan ng pilosopiya ng Graduate School ng Pamantasang Santo Tomas. Maaaring makipag-ugnayan sa kaniya sa pamamagitan ng email: feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph.

**ABOUT THE AUTHORS**

Mr. Christian Gopez is a faculty and Chair of the Department of Humanities and Social Sciences of De La Salle University. He is also the editor-in-chief of *Sinaya: Philippine Journal for Senior High School Teachers and Students*. He graduated with the degrees BSE-Filipino and Diploma in Teaching Reading, *magna cum laude* and Balagtas Awardee, from Philippine Normal University Manila and with the degree of Master of Arts in Philippine Studies – Language, Culture, and Media from De La Salle University and was awarded Outstanding MA Thesis and Outstanding Contribution to the Department. Currently, he is finishing his PhD Philippine Studies at De La Salle University Manila. He may be reached through email: christian.gopez@dlsu.edu.ph.

Feorillo A. Demeterio III is Full Professor at the Department of Filipino and the Executive Director of the Research Grants and Management Office, De La Salle University. He authored five books and more than 100 articles about hermeneutics, cultural studies, Philippine studies, and Filipino Philosophy, which were published in different local and international journals. He served as a visiting research professor at the Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C., in 2013. He may be reached through email: feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph.


SSD V18 N2_Gopez.indd 28 1/21/2024 4:15:46 PM

# Apendiks A

Listahan ng mga Aktuwal na Dokumentong Sinuri mula sa CBCP

| Code | Pamagat | Petsa ng Paglalathala |
|---|---|---|
| **A. Pre-Pandemic Period (June 30, 2016–January 29, 2020)** | | |
| CBCP01 | CBCP Ethical Guidelines on Proposals to Restore the Death Penalty | Sept. 14, 2016 |
| CBCP02 | Statement on the Supreme Court Decision to Allow the Burial of Former President Marcos at the Libingan ng mga Bayani | Nov. 9, 2016 |
| CBCP03 | On Lowering the Age of Criminal Liability | Nov. 26, 2016 |
| CBCP04 | For I find no pleasure in the death of anyone who dies – oracle of the Lord God (Ezekiel 18:32) | Jan. 30, 2017 |
| CBCP05 | Statement on the Age of Criminal Liability | Jan. 30, 2017 |
| CBCP06 | CBCP Pastoral Statement on Death Penalty | March 19, 2017 |
| CBCP07 | Consecrate Them In The Truth | June 21, 2017 |
| CBCP08 | CBCP Statement on Marawi, Terrorism and Dialogue | July 10, 2017 |
| CBCP09 | Waging Peace, Winning Minds and Hearts | Dec. 21, 2017 |
| | Statement of the Mindanao Bishops on the Extension of Martial Law in the Context of the Current Situation in Mindanao | |
| CBCP10 | Pastoral Guidelines for Discerning the Moral Dimension of the Present-day Moves for Charter Change | Jan. 29, 2018 |
| CBCP11 | Statement on the recent detention of Sr Patricia Fox, NDS | April 19, 2018 |
| CBCP12 | For love of our country, support CJ Sereno, discard quo warranto | May 11, 2018 |
| CBCP13 | Official Statement of the Diocese of Cabanatuan on the Murder of + Rev. Fr. Richmond V. Nilo (1974-2018) | June 11, 2018 |
| CBCP14 | Statement on Sr. Patricia Fox's Keeping of Missionary Visa by DOJ | June 19, 2018 |
| CBCP15 | On the Issue of Catholic Priests Carrying Firearms | June 23, 2018 |
| CBCP16 | No to Kaliwa Dam, Yes to Alternative Sources of Water | Aug. 9, 2018 |
| CBCP17 | Conquering Evil with Good | Jan. 28, 2019 |
| CBCP18 | Stop the killings! Defend life and rights! | April 25, 2019 |
| CBCP19 | Concerned Christian Citizens for Good Governance | May 6, 2019 |
| CBCP20 | An Urgent Call for Ecological Conversion, Hope in the Face of Climate Emergency | July 16, 2019 |
| **B. Pandemic Period (January 30, 2020–June 30, 2022)** | | |
| CBCP21 | I look up to the mountains | Feb. 26, 2020 |
| CBCP22 | A Pastoral Letter and a Call to Prayer | July 16, 2020 |
| CBCP23 | Lord What Must We Do? (Mark 10:17) | Aug. 14, 2020 |
| CBCP24 | Pastoral Statement on Potential Covid-19 Vaccines in the Philippines | Jan. 8, 2021 |
| CBCP25 | Journeying Together this Season of Creation 2021 Towards Renewing the Oikos of God | August 23, 2021 |
| CBCP26 | Thou shall not steal! Pastoral Admonition on the Pandemic Public Funds Scams | October 22, 2021 |
| CBCP27 | A Call for Unity and Action amid a Climate Emergency and Planetary Crisis | January 28, 2022 |
| CBCP28 | The Truth Will Set You Free (John 8:32) | February 25, 2022 |

## Apendiks B

Listahan ng mga Aktuwal na Dokumentong Sinuri mula sa UCCP

| Code | Pamagat | Petsa ng Paglalathala |
|---|---|---|
| **A. Pre-Pandemic Period (June 30, 2016–January 29, 2020)** | | |
| UCCP01 | On the Harassment of Church People and Human Rights Defenders in Davao City To Do Justice, To Love Kindness, and To Walk Humbly With our God | July 6, 2016 |
| UCCP02 | No To Killings: "You shall not kill" (Exodus 20:13) | Aug. 24, 2016 |
| UCCP03 | Statement of rhe UCCP-North Luzon Jurisdiction on Davao City Bombing | Sept. 5, 2016 |
| UCCP04 | An Appeal-Statement Urging the Government of the Republic of The Philippines and The National Democratic Front of The Philippines to Continue their Peace Negotiations | Feb. 23, 2017 |
| UCCP05 | The Christian Youth Fellowship Unity Statement on the Struggles & the Upholding of the Rights of the Marginalized Sector | May 23, 2017 |
| UCCP06 | Justice for Kian and All Victims of the Illegal Drug Industry | Aug. 28, 2017 |
| UCCP07 | UCCP Public Statement on its 70th Anniversary and 11th Quadrennial General Assembly Held on May 26, 2018, in Cagayan de Oro City | May 26, 2018 |
| UCCP08 | Be Cautious of False Witness Against the Church (A Pastoral Statement) | Oct. 4, 2018 |
| UCCP09 | Do Not Envy the Violent or Choose Any of their Ways | Jan. 27, 2019 |
| UCCP10 | Pastoral Statement on the May 13, 2019 Philippine Midterm Elections | April 2, 2019 |
| UCCP11 | Stand United in Doing Christ's Mission in these Changing and Challenging Times (A Statement on UCCP-Haran) | May 25, 2019 |
| UCCP12 | Bishop's Statement on the Current Human Rights Situation In Negros | July 27, 2019 |
| UCCP13 | Statement of Support To NCCP | Nov. 18, 2019 |
| UCCP14 | Defend UCCP-Haran, Defend the Poor and the Oppressed | Jan. 28, 2020 |
| **B. Pandemic Period (January 30, 2020–June 30, 2022)** | | |
| UCCP15 | Swift and Effective Action to Address COVID-19 in the Country (A Pastoral Statement of the UCCP Council of Bishops) | March 26, 2020 |
| UCCP16 | A Mockery Against Freedom & Sovereignty (A Statement on Anti-Terrorism Bill) | June 3, 2020 |
| UCCP17 | Statement on the 5th State of the Nation Address (SONA) | July 27, 2020 |
| UCCP18 | Reaffirming our Commitment to Serve the Downtrodden and the Least Privileged: A Pastoral Statement of the UCCP Council of Bishops on Haran's Case | Sept. 28, 2020 |
| UCCP19 | Statement on the Anti-Terrorism Law | Feb. 1, 2021 |
| UCCP20 | Statement on the Spate of Extrajudicial Killings in Southern Tagalog Region | March 11, 2021 |
| | Stop the Attacks, Stop the Killings End Impunity! | |
| UCCP21 | Honoring God's Co-Creators: Pastoral Statement of the United Church of Christ for the Labor Day Celebration on this First Of May Year 2021 | May 1, 2021 |
| UCCP22 | Statement on the Arrest and Detention of Pastor Dan Balucio | May 2, 2021 |
| UCCP23 | Let us Stand Against State Repression and Uphold Human Rights | July 14, 2021 |
| UCCP24 | Statement on DOH Mismanagement of COVID-19 Pandemic Response | Aug. 20, 2021 |
| UCCP25 | Choose Righteous and Servant Leaders: A Statement of Appeal to the Faithful on the May 2022 Elections | Oct. 14, 2021 |
| UCCP26 | Statement on the 36th EDSA People's Power Revolution Anniversary in the Light of the May 09, 2022 National Elections | February 24, 2022 |
| UCCP27 | Choosing the Best Option for the People | May 1, 2022 |
| UCCP28 | Statement on the Post-May 9 National and Local Elections | May 25, 2022 |


SSD V18 N2_Gopez.indd 30 1/21/2024 4:15:46 PM